MALINIS NA HANGIN
MGA OPEN HOUSE SA PAMAYANAN

Inaanyayahan kayo ng Bay Area Air Quality Management District na makilahok sa isang Open House para magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga posibleng bagong gawaing pangkontrol at estratehya na maaaring isama sa 2016 Clean Air Plan/Regional Climate Protection Strategy (CAP/RCPS) (Plano para sa Malinis na Hangin/ Estratehya para sa Rehyonal na Pangangalaga sa Klima) at tungkol sa kasalukuyang mga pagpupunyagi at mga gawain sa pangangalaga sa klima.

Clean Air Plan (CAP) and Regional Climate Protection Strategy (RCPS):

Ang CAP/RCPS ay magiging pamantayan para sa pagpupunyagi ng Air District sa susunod na ilang taon para bawasan ang pollution sa hangin, pangalagaan ang kalusugan ng bayan at ang klima ng buong daigdig. Ang CAP ay iniuutos ng Akta Ukol sa Malinis na Hangin ng California (California Clean Air Act) para tukuyin ang posibleng mga tuntunin, mga gawaing pangkontrol at mga estratehya para sa Bay Area na isasagawa para masapatan ang mga pamantayan ng estado para sa ozone o "smog". Kasama sa update ng CAP ang pinaka-una, kailanman, na masaklaw na RCPS ng Bay Area, na tutukoy sa posibleng mga tuntunin, mga gawaing pangkontrol at mga estratehya na maaaring isagawa ng Air District para mabawasan ang mga greenhouse gas sa Bay Area.

Gusto namin marinig ang inyong sasabihin!

- Hihilingin namin ang inyong mga idea at mga mungkahi para sa mga tuntunin, gawaing pangkontrol, at mga estratehyang isasama sa CAP/RCPS.
- Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa posibleng mga tuntunin, mga gawaing pangkontrol at mga estratehyang nabanggit na na isasama sa CAP/RCPS.
- Tatalakayin namin ang susunod na mga hakbang sa proseso ng pagde-develop ng CAP/RCPS.

Mga Kontak: Christy Riviere criviere@baaqmd.gov, 415-749-4925 para sa Clean Air Plan; Dave Burch dburch@baaqmd.gov, 415-749-4641 para sa Regional Climate Protection Strategy

Kung hindi kayo makakadalo sa isang Open House, maaari ninyong rebyuhin ang mga burador ng mga gawaing pangkontrol at mga estratehya para sa CAP/RCPS at magsumite ng mga komentaryo sa pamamagitan ng electronika kay Christy Riviere o Dave Burch o sa pamamagitan ng koreo sa 939 Ellis Street, San Francisco, CA 94109. **Maaaring magsumite ang publiko ng mga komentaryo tungkol sa mga burador ng mga gawaing pangkontrol at mga estratehya hanggang Marso 9, 2016.** Gayunpaman, hihingi at tatanggap din ng mga komentaryong pambayan sa panahon na paglabas ng burador ng 2016 Clean Air Plan/Regional Climate Protection Strategy at ng dokumentong pangkaligiran para sa publiko sa ibang pagkakataon sa 2016.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang: http://www.baaqmd.gov/plans- and-climate/air-quality-plans/plans-under-development

Redwood City
Huwebes, Enero 28, 5-7 p.m.
Sequoia High School, Multipurpose Rm.
1201 Brewster Avenue
Redwood City, CA 94062

San Jose
Martes, Pebrero 2, 6-8 p.m.
San Jose Elks Lodge
444 West Alma Avenue
San Jose, CA 95110

Santa Rosa
Miyerkoles, Pebrero 3, 6-8 p.m.
Sonoma County Water Agency
404 Aviation Boulevard
Santa Rosa, CA 95403

Richmond
Huwebes, Pebrero 4, 6-8 p.m.
East Bay Center for the Performing Arts
339 11th Street
Richmond, CA 94801

Dublin/Pleasanton
Lunes, Pebrero 8, 6-8 p.m.
Sheraton Pleasanton, Salon
5990 Stoneridge Mall Road
Pleasanton, CA 94588

Oakland
Martes, Pebrero 9, 4-6 p.m.
Laney College, Bistro
900 Fallon Street
Oakland, CA 94607

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

Para asistencia en español, llame al 415-749-4609.

如需华语服务，请致电 415-749-4609.

Para sa tulong sa Tagalog, tumawag sa 415-749-4609.

Ang Bay Area Air Quality Management District ang rehyonal na ahensyang may tungkulin na pangalagaan ang kalinisan ng hangin sa Bay Area na binubuo ng siyam na county.